Mahal na Magulang/Tagapagtaguyod:

Ipinatutupad sa mga paaralan, ng pambansang batas na tinag-uriang “No Child Left Behind” ang pagbutihin sa bawat taon ang pagpapaunlad sa pagtatagumpay ng mag-aaral. Ang pag-unlad na ito ay ang tinutukoy na “adequate yearly progress” o “AYP” (sapat na taunang pag-unlad). Nagtakda ang Estado ng Alaska ng mga pamantayan sa tagumpay ng mag-aaral upang pagpasiyahan kung ang mga paaralan ay nakapagpakita ng sapat na pag-unlad. Ang paaralan na nakatakdang papasukan ng inyong anak sa taong 2004-2005 ay hindi nagpakita ng sapat na taunang pag-unlad “AYP” ayon sa sukatang pang-estado sa loob ng dalawang taong magkasunod. Sa gayong dahilan, ang paaralang ito ay itinalaga sa “School Improvement Status.” Dahil sa ang paaralan ay tumatanggap ng pondong “Title I” sa pambasang pamahalaan, kayo ay may ilang tanging karapatan na ipaliliwanag sa liham na ito.

**Una sa Lahat, Ano ang “Adequate Yearly Progress” ( Sapat na Taunang Pag-unlad)** ?
Ang “Adequate Yearly Progress” o “AYP” ay ang porsiyento ng pag-unlad na dapat makamtan ng bawat paaralan sa mga iskor ng pagsusulit sa bawat taon.
Ang bawat pangkat ng mga mag-aaral ( pangkat ayon sa lahi, kasanayan sa wika, kapansanan, atbp. ) ay kailangang ding makaabot sa pamantayang may kasanayan/kabihasaan. sa pagsusulit.

**Ano ang maaaring dahilan kung bakit ang paaralan ay hindi makatugon sa AYP?**
Kung ang paaralan sa kalahatan, o kung ang isang pangkat ng mga mag-aaral, ay hindi makatugon sa inaasahang porsiyento ng kasanayan sa mga pang-estadong pagsusulit, ang paaraalan sa kalahatan ay hindi nakatugon sa AYP. Kung mababa pa sa 95% sa bilang ng mga mag-aaral ang kumuha ng pagsusulit, o dili kaya’y ang bilang ng dumadalo sa paaralan sa araw araw sa buong taon ay mababa pa sa 85%, ang paaralan ay hindi rin makakatugon sa AYP.

**Ano ang aking karapatan sa mga pagpipilian sa ngayon, na ang paaralan ng aking anak, ay nasa kalagayang kailangan pang mapabuti (school improvement status)?**
Ikaw ay may karapatang pumili kung ipagpapatuloy mong papag-aralin ang iyong anak sa paaralang kalapit ng inyong tirahan. Ang paaralan ay nagsusumikap kasama ang mga mag-anak upang mapabuti ang akademikong pagganap.

Kayo ay may karapatang makiusap na ilipat sa isa sa dalawang napiling paaralan sa Anchorage School District na hindi tinag-uriang “ School Improvement” (paaralang nasa kalagayang kailangang pang mapabuti). Ang kaunahan sa paglipat ay ipagkakaloob sa mga mag-aaral na may pinakamababang pagganap at may kakulangan sa pananalapi.

**Paano papasok sa bagong paaralan ang aking mag-aaral?**
May sasakyan ang school district na susundo sa mag-aaral at magdadala sa kanya sa napiling paaralan. Dapat din ninyong mabatid na ang pagsundo sa mag-aaral ay ititigil sa oras na ang paaralang kalapit ng tirahan ay makatugon sa mga pamantayan ng pagtatagumpay ng mag-aaral sa magkasunod na dalawang taon o kapag ang mag-anak ay

lumipat sa tirahang kalapit ng paaralan. Tungkulin din ng mga magulang na tiyaking ang mga mag-aaral ay nasa abangan ng sasakyan sa takdang oras.

**Anu-ano ang mga dapat kong isaalang-alang/isipin sa pagpili ng pinakamabuti para sa aking anak?**
Pinakikiusap na isaalang-alang ang maingat ninyong pagpili sa pagpapatala. Lahat ng aming mga paaralan ay nagsusumikap upang mapaunlad ang ikapagtatagumpay ng mag-aaral, kasama na rito ang paaralang kalapit ng inyong tirahan. Bilang "Title I school," ang paaralan ng inyong anak ay tumatanggap ng karagdagang pananalapi upang matustusan ang mga karagdagang kawani at mga programa. Habang pinananatili ng distrito ang mga matatag nitong mga programa sa lahat ng mga paaralan, kami ay nagsasagawa ng mga tanging pagsusumikap upang mapabuti ang mga paaralang hindi nakatugon sa estadong pamantayan para sa taon. Ang paaralang inyong napili na paglilipatan sa inyong anak ay maaaring walang karagdagang pagtataguyod sa mga programa nito.

**Kung nais kong ilipat ng paaralan ang aking anak, paano ko ito gagawin?**
Ang "School Improvement Choice Applications" at mga tanging impormasyon ukol sa mga paaralan na maaaring lipatan ng inyong anak ay makukuha sa paaralang kasalukuyang pinapasukan niya, sa "district administration building information desk," o sa "district website sa www. asdk12.org. Upang maging karapatdapat sa paglipat ang inyong anak sa taong 2004-2005, ang inyong tinapos na "application" ay kailangang matanggap sa opisina ng paaralang kalapit ng inyong tirahan sa August 20. Ang unang pagbibigyan sa paglipat ay ang mga mag-aaral na may pinakamababang pagganap sa pag-aaral at may kakulangan sa pananalapi.

Kung napagpasyahan ninyong sagutin at iharap ang "School Improvement Choice application", ipagbibigay alam sa inyo ng kawani ng distrito ang kinalabasan nito. Hanggang sa hindi pa naipagbibigay alam ang kinalabasan ng kahilingan, ang inyong anak ay kailangang nakatala at pumapasok sa paaralang kalapit ng inyong tirahan.

Maraming salamat sa inyong pagsangkot sa edukasyon ng inyong anak. Kung kayo'y may mga katanungan tungkol sa liham na ito, tawagan lamang ang punong guro ng paaralaang malapit sa inyong tirahan.

Gumagalang,

Carol Comeau
Superintende

Mahal na Magulang:

Pinananatili ng Anchorage School District ang kaligtasan sa kapaligiran ng paaralan para sa mga mag-aaral. Isinasagawa namin ang lahat ng aming makakaya sa pamamagitan ng mga patakaran sa paaaralan, mga pamamaraan, at mga gawain upang turuan at himukin ang mga mag-aaral na magkaroon ng pagpapasyang tumitiyak sa kanilang kaligtasan at kaligtasan ng iba. Gayon pa man, sa kabila ng aming pagsusumikap , ang mag-aaral ay maaari pa ring maging biktima ng krimen habang nasa paaaralan.

Ang pambansang pamahalaan, sa pamamagitan na "No Child Left Behind Act" (NCLB), ay nagpapatupad sa mga paaralan na bigyan ng laya ang mga magulang sa pagpapasyang ilipat ang kanilang anak sa ibang paaralan sa distrito kung sakaling ang mag-aaral ay tiniyak na biktima ng isang marahas na krimen, ayon sa batas ng estado, habang nasa bakuran ng paaralan.

Ipinaaalam sa inyo ng liham na ito na _____ ay may karapatang humiling na lumipat batay sa kautusang ito. Kung sakali't napagpasyahan ninyong ilipat ang inyong mag-aaral, ang distrito ay magbibigay ng dalawang paaralang pagpipilian. Ayon sa batas, kailangan nating iharap ang kahilingan para sa paglipat sa loob ng 30 araw. Kung napagpasyahan ninyong ilipat ang mag-aaral , siya ay may karapatang mamalagi sa bagong paaralan hanggang sa matapos niya ang pinakamataas na baytang sa paaralng iyon. Batay sa batas, hindi pananagutan ng distrito ang pagsundo at paghatid sa mag-aaral sa bago niyang paaralan. Bukod sa rito, dapat ninyong mabatid na lahat ng mga patakaran sa palakasan kaugnay ng mga mag-aaral na lumipat ay magpapatuloy na ipatutupad alinsunod sa NCLB.

Kung nais ninyong ilipat ang inyong anak , tapusin lamang ang "NCLB School Choice form" na makukuha sa tanggapan ng paaralan o sa aming "website" at ibalik ito sa tanggapan ng paaralang kasalukuyang pinapasukan. Ipaaalam ko sa inyo ang dalawang paaralan na maaari ninyong pamimilian. Sa sandaling makapili na kayo ng paaralan , tutulungan ko kayong makalipat sa bagong paaralan.

Umaasa akong makapaglilingkod sa inyo, upang makatiyak ng pinakamabuting kapaligiran sa paaralan para sa inyong anak.

Gumagalang,

Punong Guro
Teleponong Tatawagan

Numero ng ID ng Mag-aaral:_____ Baytang _____Paaralan_____

Pangalan ng Mag-aaral _____
(Apelyido) (Pang-unang Pangalan)

Paksa: Pagbibigay Alam sa Magulang ng mga Pagtulong/Paglilingkod

Mahal na Magulang o Tagapagtaguyod,

Tulad ng naipaalam na sa inyo, ang inyong anak ay kabilang sa "Bilingual/ Multicultural Education Program" (BMEP) sa taong ito. Ang programang ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles bilang ikalawang wika. Ito rin ay tumutulong sa mga mag-aaral na mahusay nang magsalita ng Ingles ngunit nagsasalita o nakauunawa ng pangalawang wika na siyang ginagamit sa tahanan. Ang pagtuturo ay nababahagi sa tatlong uri:

1. Kasanayan sa wikang Ingles at pagtuturo sa iba pang asignatura kung kinakailangan, para sa mga mag-aaral na sa kasalukuyan ay hind pa gaanong nakapagsasalita ng Ingles.
2. Karagdagang tulong sa pagbabasa, sining ng wika, o iba pang asignatura para sa mga mag-aaral na mahusay nang magsalita ng Ingles.
3. Mga gawaing makadaragdag sa pagkilala ng ibat ibang kultura ng lahat ng mga mag-aaral sa paaralan.

Tinuturuan ko ang inyong anak sa mga sumusunod na oras at mga asignatura:
_____
_____
_____
_____

Ikinasisiya ko ang pagtuturo sa inyong anak at umaasa akong magkikita tayo sa lalong madaling panahon. Malaya ninyong isaloob na dumalaw sa klaseng ESL ng inyong anak anumang oras o kaya'y tawagan ninyo ako sa paaralan, kung kayo'y may mga katanungan.

Gumagalang,

_____ Petsa_____
Staff Member
Bilingual/Multicultural Education Program

**Mga katanungan ukol sa Wika ng Magulang**

( Parent Questionaire)
Pagsisiyasat sa Wikang ginagamit sa Tahanan
(Home Language Survey)

_____School District
Ang pormularyong ito ay kailangan ng Estado at Pambansang Batas

Ang pagkilala sa mga mag-aaral na may kakulangan pa sa kakayahang gumamit ng wikang Ingles ay makakatulong sa paaralan upang makabuo ito ng mga karapat-dapat na programa para sa mga mag-aaral. Tapusin ang pormularyong ito at ibalik sa tanggapan ng paaralan sa lalong madaling panahon.. Kung kayo'y may mga katanungan o kailangan ninyo ng tulong sa pormularyong ito, makipag-alam kay:
_____ _____

Pangalan ng Mag-aaral_____
(Apelyido, Unang Pangalan)
Numero ng Alaska ID ng Mag-aaral:_____
Lugar ng Kapanganakan_____
Petsa ng Kapanganakan_____/ _____/ _____
Buwan Araw Taon
Paaralan _____ Baytang_____
Kasarian : _____Babae _____Lalake_____

---

**Unang Bahagi: Wikang Ginagamit ng Mag-aaral**

1. Ano ang unang wikang natutuhan ng mag-aaral? ____ Ingles
____Ibang wika _____
**(**tukuyin ang wika)

2. Anong wika/mga wika ang kasalukuyang ginagamit ng mag-aaral sa kanilang tahanan?
_____ Ingles
_____ Ibang wika_____
(tukuyin ang wika)

3. Ang mag-aaral ba ay kabilang sa "Student Exchange Program?" ____oo ____hindi

4.Gaano na katagal pumapasok ang mag-aaral sa paaralan dito sa U.S.A.?
_____3 o mahigit pa, sa buong taong may pasok
_____ kulang sa 3 taong may pasok

**Ikalawang Bahagi: Wikang Ginagamit ng Mag-anak** ( sagutin ang lahat ng mga hanay)

| | Ina/Tagapagtaguyod | Ama/Tagapagtaguyod | Iba pang Makahulugang Nakatatanda Kaugnayan: |
|---|---|---|---|
| 1. Sinilangang bayan | | | |
| 2. Wikang unang natutuhan | | | |
| 3. Wika/mga wikang ginagamit kung kausap ang mag-aaral | | | |
| 4. Wika/mga wikang ginagamit sa tahanan | | | |

* Ang iba pang makahulugang nakatatanda ay maaaring ang lolo o lola, tiya, tiyo, tagapag-alaga sa “daycare,” atbp. na nakatulong sa pagkatuto ng mag-aaral sa kanyang wika.

**Ikatlong Bahagi: Pagpapatunay ng Magulang sa Wikang Ginagamit** (Lagyan ng tsek ang angkop na kahon.)

| | Ibang wika lamang, walang Ingles | Karamihan ang ibang wika, at kaunting Ingles | Pantay ang gamit ng ibang wika at Ingles | Mas marami ang Ingles kaysa sa ibang wika | Ingles lamang |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Kung nakikipag-usap ang mag-aaral sa kanyang mag-anak, siya ay nagsasalita ng: | | | | | |
| B. Kung nakikipag-usap ang mag-aaral sa kanyang mga kaibigan, siya ay nagsasalita ng: | | | | | |

Lagda ng Magulang / Tagapagtaguyod: Numero ng Telepono_____

Nakalimbag na Pangalan: Petsa_____